# Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 42

"13 "Kayo ang asin ng sangkatauhan. Ngunit kung ang asin ay mawalan na ng alat, paano pa ito mapapaalat muli? Hindi ba wala na itong kabuluhan kundi ang itapon at tapakan ng mga tao?" (Mateo 5:13)

Tayo ay magpapatuloy  sa pag-aaral ng higit pang halimbawa kung paano maging asin ng lupa:

"21 Mula ng panahong yao'y nagpasimulang ipinakilala ni Jesus sa kaniyang mga alagad, na kinakailangang siya'y pumaroon sa Jerusalem, at magbata ng maraming bagay sa matatanda at sa mga pangulong saserdote at sa mga eskriba, at siya'y patayin, at muling ibangon sa ikatlong araw." (Mateo 16:21) Ano ang isinilarawan dito ni Cristo, ang mga bagay na magaganap sa Kanyang buhay at ito ang mismong bagay na pinanggalingan Niya mula sa Langit. Si Cristo ay mula sa Langit para sa isang tiyak na layunin na kinakailangan Niya upang gawin. Si Cristo ay dumating upang iligtas ang tao mula sa kasalanan sa pamamagitan ng Kanyang pagkamatay sa krus para sa kapatawaran ng mga kasalanan ng sangkatauhan. Ngayon tanungin ang Diyos kung ano ang plano ng Diyos para sayo at kung ano ang nais Niyang gawin mo. Maari nasa iyong isip ang mga bagay na hinahangad na tila mabuti sayo, gaya ng pagaaral,  pandarayuhan, manirahan sa magandang lugar, atbp., ngunit hindi ito ang pinaka bagay na nilikha sayo ng Diyos. Sinabi ni Cristo sa Kanyang mga disipolo na Siya ay magdurusa sa Jerusalem maraming bagay ng matatanda, punong seserdote at mga eskriba, at sa huli'y papatayin at bubuhayin mula sa patay sa ikatlong araw. Ang matatanda,  ang punong saserdote,  at ang mga eskriba ay katawan ng simbahan ng mga Judio na si Jesus ay naparito at Siya ay tinanggihan nila. Ngayon sa pagsasalita ng tungkol sa pagdurusa ni Cristo dito, ang aral na ating matutunan dito ay, na kapag tayo'y nagpatuloy sa paggawa ng gawain ng Diyos at paglilingkod sa Panginoon, ang parehong mga tao na ating pinaglilingkuran,  na sinugo tayo ni Kristo upang tayo ay magdusa sa pamamagitan nila at masaktan at uusigin nila. Sa lahat ng yaon kailangan nating magtiis at tanggapin ang ganoon upang maganap sapagkat ang kagaya sa nangyari sa ating Panginoon.  "22 At isinama siya ni Pedro, at nagpasimulang siya'y pinagwikaan, na nagsasabi, Panginoon, malayo ito sa iyo: kailan man ay hindi mangyayari ito sa iyo." (Mateo 16:22) Ngayon narito ang kaisipan ng tao ay salungat sa kaisipan ni Cristo. Bakit yun sinabi ni Pedro kay Cristo? Ito ay maaring  sa kanyang damdamin, pagmamalaki, o dahil lang na dapat may sabihin siya dahil siya ang pinuno ng labingdalawa, o sa kanyang pagtanggi sa pagdurusa, at pagkakaroon ng kakaibang kaisipan. Ang emosyon ng tao, pagmamalaki,  at ang pangtanggi para sa pagdurusa ay wala sa kaisipan ni Cristo. At hindi tatanggapin ni Cristo ang ganoong kaisipan, at ang ganoong paguugali at asal. Kaya naman ito ang ginawa ni Jesus?  "23 Datapuwa't lumingon siya, at sinabi kay Pedro, Lumagay ka sa likuran ko, Satanas: ikaw ay tisod sa akin: sapagka't hindi mo pinagiisip ang mga bagay ng Dios, kundi ang mga bagay ng tao." (Mateo 16:23) Nakita dito ni Jesus si Pedro bilang Satanas, pagsalungat sa Kanya at sa Kanyang pagunlad patungo sa sukdulang layunin ng Diyos para sa Kanya upang mamatay sa Jerusalem. Ngayon sa ganoong kaisipan na dinadala ni Pedro, kung hindi sinaway ni Cristo, ang susunod na baitang na maaring sabihin ni Pedro,  "Tayo ay bumalik sa Galilee, tayo ay pupunta sa Jerusalem upang mamimili at kumuha ng ilang pagdiriwang at bumalik sa bahay, ngunit hindi para magdusa. Ano ito, nagpapakasarap ka sa buhay! Marami sa panahon ngayon sila'y pumupunta sa Jerusalem,  paglalakbay sa banal na lupain, pagkakaroon ng torismo kay Cristo at ang Israel ay masaya tungkol dito sapagkat ito ay negosyo at ang karamihan na naglalakbay sa Jerusalem ay maglalaan ng salapi doon. Kaya naman madaling  pinigilan ni Cristo si Pedro at iniligay siya sa likuran Niya upang siya ay hindi katitisuran sa iba. Si Pedro ay hindi asin ng lupa sa kanyang ginawa, bagkus siya ay chokolate ng lupa. Sapagka't hindi mo ninanamnam ang bagay na nasa Diyos, kundi yaong nasa tao. Ang salitang pinagiisip ay ibig sabihin ay ang iyong iniisip o ang paraan ng iyong pagiisip. Hindi iniisip ni Pedro ang mga bagay ng Diyos kundi ang mga bagay ng mga tao. Maraming panahon na walang tayong kamalayan, tayo'y nagsisimulang magisip ng bagay sa mga tao. Upang itama ang ganoon, ito ang sinabi ni Jesus tungkol sa mga disipolo at sa kanilang ministerio at sa paraan na dapat silang maglingkod:  "24 Nang magkagayo'y sinabi ni Jesus sa kaniyang mga alagad, Kung ang sinomang tao'y ibig sumunod sa akin ay tumanggi sa kaniyang sarili, at pasanin ang kaniyang krus, at sumunod sa akin. " (Mateo 16:24) Inilarawan ni Jesus ang tatlong mga bagay na kailangan mailapat ngayon kung nagpasya tayong sumunod kay Jesus:  1. Tanggihan niya ang kanyang sarili: Kailangan nating itanggi ang ating mga sarili. Halimbawa, kakain ka na, pagkatapos tinawag ka ng Diyos na magayuno. Matutulog ka na, pagkatapos tinawag ka ng Diyos upang bumangon. Magrerelax at magpapahinga, pagkatapos tinawag ka ng Diyos upang tumakbo, atbp. 2. At pasanin ang kanyang krus: Kailangan nating pasanin ang isang pasanin at bigat ng ministeryo sa lahat ng ating buhay hanggang sa kamatayan o sa ikalawang pagdating ng ating Panginoon. Sa ganoong maari tayong palaging naghihirap, ngunit lubos ns tagumpay at mabuting halimbawa sa iba. 3. At sumunod sa akin: Upang sumunod kay Cristo saanman Siya pumunta. Hindi lamang tayo ay lalapit kay Jesus kapag gusto nating lumapit o kapag may kailangan tayo, bagksu kailangan nating patuloy na sumunod sa Kanya. Mayroong maraming panahon na nakikita natin ang marami at malaking pulutong sa mga simbahan, sa krusada, sa mga pagdiriwang, ngunit ilan sa mga iyon ang sumusunod kay Cristo at lumalakad sa Kanyang mga hakbang? Kailangan mong mapasa Panginoon at sa direksyon na nais Niyang kumilos ka. "25 Sapagka't ang sinomang magibig iligtas ang kaniyang buhay ay mawawalan nito: at ang sinomang mawalan ng kaniyang buhay dahil sa akin ay makakasumpong niyaon." (Mateo 16:25)  Ito ngayon ang kabaligtaran. Gusto mong iligtas ang  iyong sarili at palayawin ang iyong sarili, ngunit ikaw ay mawawalan. Ang higit na paglayo mo sa paglilingkod at paggaawa ng Kanyang kalooban, ang mas lalong pagkawala mo. Kailangan mong itanggi ang iyong sarili, isuko ang lahat ng bagay kay Cristo at handang sumunod sa Kanyang mga hakbang, at gawin ang Kanyang kalooban at magdusa para sa Kanyang kapakanan, at sa ganon masusumpungan mo ang iyong buhay.  "26 Sapagka't ano ang pakikinabangin ng tao, kung makamtan niya ang buong sanglibutan at mawawalan siya ng kaniyang buhay? o ano ang ibibigay ng tao na katumbas sa kaniyang buhay?" (Mateo 16:26) Ang paraan ng ating pagiisip ay tama, kapag tayo'y nagpatuloy na magisip sa makalupang mga bagay, at tumatakbo sa materyal na mga bagay, makamundong mga bagay at paggawa ng salapi at pagpapasiya sa buhay ay mawawala ang makalangit na kayamanan ng Diyos. "27 Sapagka't ang Anak ng tao ay pariritong nasa kaluwalhatian ng kaniyang Ama na kasama ang kaniyang mga anghel; at kung magkagayo'y bibigyan ang bawa't tao ayon sa kaniyang mga gawa." (Mateo 16:27) Si Cristo nang siya ay dumating ng may kaluwalhatian ng Diyos ang Ama, kasaman ng Kanyang  mga anghel sa araw ng paghuhukom, Uutusan Niya ang Kanyang mga anghel una upang tipunin ang masama at itapon sila sa apoy, at pagkatapos titipunin Niya tayo at gagantimpalaan tayo ayon sa lahat ng gawain at paguugali.

"34 Mabuti nga ang asin: datapuwa't kung ang asin ay tumabang, ay ano ang ipagpapaalat? 35Walang kabuluhang maging sa lupa kahit sa tapunan man ng dumi: itinatapon sa labas. Ang may mga pakinig upang ipakinig, ay makinig." (Lucas 14:34-35) Dito muli ang Panginoon ay nagsalita sa Kanyang mga disipolo at sa mga nagnanais na sumunod sa Kanya kung paano nila kailangan maging asin na may mabuting epekto sa pagtitiyaga sa mensahe at sa bayan ng diyos sa pamamagitan ng malasang mensahe, sa paghihigpit, sa katiyakan at kung paano dakilaan at itaas si Cristo. Binalaan Niya sila na sa pagkawala ng ganoong pamantayan ay gagawin sila na hindi na mababawi at sa kalaunan ay magiging inutil at karapat dapat sa wala, kahit ang dumi ay may pakinabang ngunit wala kapag nawala ang kanilang kaalatan sa kanilang malasang buhay kay Cristo. Ating basahin at pagnilayan sa talata bago iyon sa Lucas 14:25-35 upang maunawaan kung paano nawala ang kaalatan ng mga disipolo.

"25 Nagsisama nga sa kaniya ang lubhang maraming tao; at siya'y lumingon at sa kanila'y sinabi," (Lucas 14:25) Dito sa paligid ni Kristo maraming uri ng tao sila'y lumabas pagkatapos Niya, sila'y marami na may iba't ibang kategorya, ngunit siya ay hindi nasiyahan sa kanilang mga bilang o sa kanilang laki ng karamihan ng mga tao. Marami sila'y tuwang tuwa sa malaking lupunan ng mga tao at sa mataas na bilang. Ngunit ang mataas na bilang ay walang halaga ng pagkumbinsi kung sila'y hindi nagtataglay ng mga katagegorya na hinahanap ni Jesus sa kanilang mga buhay. Sa nakaraang mga tao ay sinasabi sa akin na ikaw ay nakapalambing, ngunit ngayon ako'y nagsisisi doon sapagka't nais sa akin ni Cristo na maging asin ng kalupaan. Binanggit ni Cristo ang puntong iyon, at sinalita sa kalupungan na sumusunod sa Kanya ng may tiyak na maalat na Salita na kinakailangan mula sa kanila na panatilin ang tiyak na mga pangako upang patunayan na sila ay tunay na tagasunod ni Cristo. "26 Kung ang sinomang tao'y pumaparito sa akin, at hindi napopoot sa kaniyang sariling ama, at ina, at asawang babae, at mga anak, at mga kapatid na lalake, at mga kapatid na babae, oo, at pati sa kaniyang sariling buhay man, ay hindi siya maaaring maging alagad ko." (Lucas 14:26) Dito nilinaw ni Cristo sa kanila na sinumang susunod sa Kanya ay dapat piliin na sumunod kay Cristo. Upang kamuhian ang iba ito'y nangangahulugang na hindi niya dapat ibigin sila ng higit sa kay Cristo, o ang kanyang pagibig sa kanila ay hindi dapat humadlang sa kanya mula sa pagsunod kay Cristo. Upang kamuhian ang iba ito'y nangangahulugan na si Cristo at ang Kanyang Salita ay magiging una at lubos na pagiging una. Si Cristo ay walang kaagaw at wala hahalili sa Kanyang lugar o papalit sa Kanya. Ang ating Diyos ay mapanibughong Diyos at hindi katulad ng ibang mga bagay na iyong iniibig. Walang sinuman sa anumang impluwensya ang dapat kumuha sa lugar ni Cristo. Dito unang binanggit ni Cristo na sa mga susunod sa Kanya ay dapat kamuhian ang kanilang ama at ina, ang ibig Niyang sabihin dapat nilang kamuhian ang mga katuruan at tradisyonal at relihiyosong karanasan na sila'y nagmula na salungat kay Cristo, sa Kanyang Salita at sa Kanyang mga paraan. Sinabi ito ng Diyos sa mga anak ng mga Israelita sa Lumang Testamento na dapat nilang iwanan ang mga diosdiosan ng kanilang mga ama at sumunod sa Salita ng Diyos at ng Kanyang mga utos, "18 At sinabi ko sa kanilang mga anak sa ilang, Huwag kayong magsilakad ng ayon sa mga palatuntunan ng inyong mga magulang, o ingatan man ang kanilang mga kahatulan, o magpakahawa man sa kanilang mga diosdiosan: 19 Ako ang Panginoon ninyong Dios: magsilakad kayo ng ayon sa aking mga palatuntunan, at ingatan ninyo ang aking mga kahatulan, at inyong isagawa; 20 At inyong ipangilin ang aking mga sabbath; at mga magiging tanda sa akin at sa inyo, upang inyong maalaman na ako ang Panginoon ninyong Dios. " (Ezekiel 20:18-20) Tinawag tayo ni Cristo hindi upang sumunod sa mga relihiyosong kasanayan ng ating ama, ang kanilang mga paraan, ang kanilang mga paghatol at desisyon na salungat sa Salita ng Diyos. Ang mga anak ay dapat parangalan ang kanilang mga magulang sapagka't kanilang ibinibigay ang pagaalaga sa kanila, inaaruga sila, at ibinibigay sa kanila ang Salita ng Diyos. Ngunit kapag ang mga magulang ay nagbigay ng makamundong katuruan at dalhin ang mga makasalanang kasanayan sa kanilang mga anak, sa gayon ang mga anak kung gusto nilang sumunod kay Cristo at lumapit kay Cristo kailangan nilang isuko ang lahat ng nga bagay na ito at maging tapat kay Cristo at sa Kanyang Salita. Upang kamuhian ang asawang babae at mga anak, nangangahulugang na ang tao yaon ang kanyang pagibig kay Cristo at sa Kanyang Salita ay hindi dapat ibababa dahil sa kanyang pagibig sa kanyang asawang babae at mga anak. Ganon din, hindi para sa asawang babae at sa mga anak, upang diktahan ang tao kung paano iwasan ang kanyang pangako kay Cristo at sa Kanyang Salita. Mayroong panahon na ilalagay tayo ng Diyos sa punto sa krus at kailangang nating piliin Siya at upang kamuhian ang ating mga anak at mga kabiyak dahil sa kanilang sinasabi sa atin upang kunin tayo palayo mula kay Cristo. Kahit ang pagibig ng tao sa kanyang kapatid at kanyang pagibig sa kanyang sarili ay hindi bababa o babawasan ang kanyang pagibig kay Cristo at sa Kanyang Salita. Nilinaw ni Cristo na sa mga hindi kinuha at dinala ang ganoong katangian ng asin ng lupa at sa lasa ng asin sila'y hindi magiging Kanyang mga disipolo. Ang kahulugan ng disipolo ay ibig sabihin ay estudyante, at magaaral, at tagasunod. "27 Sinomang hindi nagdadala ng kaniyang sariling krus, at sumusunod sa akin, ay hindi maaaring maging alagad ko." (Lucas 14:27) Upang maging asin ng lupa ay upang kayanin kasama ni Cristo ang pasanin ni Cristo, at dalhin sa Kanya ang iyong krus, kahit sa pang araw araw at upang sumunod sa Kanyang mga hakbang. Ang ating mga pananagutan ay patungo kay Cristo at upang ibahagi sa Kanya ang pagtanggi, ang pagdurusa, ang paguusig, ang pagbubukod, ang pangako upang makamit ang ilang mga bagay, ang minsiterio na kailangan Niya sa atin upang gawin, ang estilo ng pamumuhay na kailangan nating isabuhay, ang plano na kailangan nating sundin, ang mga pasanin na kailangan nating pasanin at ang kargada na nakaatang sa atin; kailangan nating gawin ang mga iyon at hindi itqpon ang mga iyon sa likuran at sa balikat ng iba, gaya ni Simon ang Cyrinean ay pinilit na pasanin ang kanyang krus. (Mateo 27:32) "At kanilang pinilit ang isang nagdaraan, si Simon na taga Cirene, na ama ni Alejandro at ni Rufo, na nanggagaling sa bukid, upang sumama sa kanila, upang pasanin niya ang kaniyang krus." (Marcos 15:21) Dito pinilit nila si Simon na taga Cierne na pasanin ang krus para kay Jesus, upang tulungan si Jesus dahil hindi makaya ni Jesus. Si Simon ay naglakbay ng isang paglalakbay mula sa lugar patungo sa ibang lugar ngunit siya'y kinuha upang pasanin ang krus. Siya ay may pamilya at mga anak at may trabaho, ngunit siya'y pinilit at kinuha upang pasanin ang krus ni Jesus. Tayo ay tinawag upang tumulong sa alinamang ito ay kinakailangan. Ang lahat ay dapat makilala ang nais ni Cristo mula sa atin upang kamitin para sa Kanya. Kailangan nating trabahuhin ito at tulungan si Cristo gaya ng nakita natin dito mula sa halimbawa ni Simon na taga Cirene kung paano niya tinulungan si Cristo.

"28"Sapagka't alin sa inyo, ang kung ibig magtayo ng isang moog, ay hindi muna uupo at tatayahin ang halagang magugugol kung mayroong maipagtatapos? 29Baka kung mailagay na niya ang patibayan, at hindi matapos, ang lahat ng mga makakita ay mangagpasimulang siya'y libakin, 30 Na sabihin, Nagpasimula ang taong ito na magtayo, at hindi nakayang tapusin. " (Lucas 14:28-30) Upang maging asin ng lupa kailangan nating maging mabuting tagaplano, paggamit sa mga simulain ng pangangasiwa upang makamit ang malalaking bagay. Upang maging asin ng lupa tayo ay tinawag upang magtayo ng malalaking bagay kagaya ng tore ni Cristo. Ang mga disipolo ni Cristo ay hindi pangkaraniwang mga tao, sapagka't sila'y mga tao na itinalaga sa malaking gawain. Sila'y lubos na

disiplinado at nasa ayos na mga tao, nakapokus sa gawain at tagakamit ng mga layunin. Narito si Jesus ay nagsalita tungkol sa ilan na nagtayo ng isang tore, ibig sabihin ay ito ay hindi kailangan ng isang karaniwang enhinyero ngunit isang tao na maayos na sinanay at inihanda upang gawin ang ganoong gawain. Upang itayo ang isang tore ay hindi kailangan ng isang karaniwang enhinyero bagkus isang taong handa at sinanay para sa gawaing ito. Sa naunang talata hinamon ng Panginoon ang Kanyang mga disipolo, sa mga nagnanais na sumunod sa Kanya, upang kamuhian, upang itanggi ang ang kanilang mga sarili, upang mawalan ng kanilang buhay, upang pasanin ang kanilang krus, at upang sumunod sa Kanya. Ito ay ang paghahanda sa kanila upang gawin ang tiyak na malaking proyekto para sa Panginoon. Samakatuwid upang sumunod kay Cristo, bilang mga alagad, kailangan nating umunlad mula sa yugto sa yugto.

Ang mga alagad ay kailangang magkaroon ng pangitain mula sa Panginoon. Mayroong pangitain sa isa at bawat indibiwal at mayroong isang pananaw sa simbahan, ngunit ang pangitain ng mga individual ay dapat magkasama sa pananaw ng simbahan. Ano ang nasa ating kaisipan ay dapat nasa isip ni Cristo. Bilang asin ng lupa kailangang gamitin natin ang aing isip upang bilangin bago tayo lumundag at mahulog sa mga kaguluhan. Marami, sa pagmamadali, sila'y nagdedesiyon gawin ang isang bagay dala lamang ng emosyon at sila'y naglalabas na gawin ito nang hindi nagbibilang kung mayroon silang sapat na mapagkukunan upang gawin iyon. Ang kailangan nating gawin upang maging asin ng lupa, kailangan muna nating umupo upang magplano at ilagay ang mga layunin upang makamit sa loob ng isang yugto ng panahon at malaman kung may sapat tayong pagkukunan upang gawin iyon. Kailangan nating bilangan ang gastos at tingnan kung mayroon tayong paraan upang bayaran sa ating plinano upang itayo at upang tapusin. Ang mga disipolo ni Jesus ay gumamit ng karunungan at utak: Ang isang disipolo ay umupo at tinantisya. Si Jesus ay naghahanap ng isang maingat na tagasunod. Ang Panginoon ay hindi kailangan na madamdaming tao na kinokontrol ng kanyang mahinang puso, madaling manalo at madaling matalo. Hindi siya masaya sa mga tao na madaling sumunod at madaling makaligtaan ang daan. Alam mo ba kung gaano karaming oras, pagsisikap, at pananalapi ang iyong kailangan? Kaya naman hinihiling Niya sayo na umupo at tantiyahin ang gastos. Hinahanap Niya ang isang matalinong tagasunod na alam kung ano ang ibig sabihin ng salitang plano at paano magplano. Kailangan nating magbilang, kailangan nating gumamit ng mathematika upang malaman, at kailangan nating harapin ang mga bilang upang masigurado kung ano ang ating gagawin at doon tayo ay nasa tamang daan. Ang matematikang larawan ay tunay at kailangan nating makatiyak na silay magagamit upang malaman natin na makakaya nating tapusin. Wala sinalita dito ang tungkol sa panghihiram ng salapi at pagkuha ng pautang upang simulan ang proyekto. Dapat kang maging handa sa iyong pinagkukunan bago mo simulang magtayo. Ang mga mapagkukunan ay oras, pananalapi, mga tao at mga talento. Kung wala kang sapat sa gayon kailangan mong ipagpaliban ang iyong proyekto hanggang may sapat ka ng halaga ng salapi at ng ibang mapagkukunan upang takpan ang buong mga gastos. Kung ikaw ay wala kailangan mong trabahuhin upang tipunin hanggang ikaw ay maging handa. Si Haring David, inihanda ang lahat ng bagay upang itayo ang templo, ang lugar, ang lupa, ang mga materyales na gagamitin para sa gusali, ang mga pananalapi, at ang kanyang anak na si Salomon upang maging hari , na sinabi ng Diyos kay David, na iyong anak ang magtatayo ng templo. Kaya kailangan mong ihanda ang lahat bago ka magsimula. Itinayo ni Noe ang barko, siya at ang kanyang pamilya, walong mga manggagawa, ay gumawa ng malaking bagay para sa Panginoon. Ang itinayo ni Noe ay malaki, inaabot siya ng 100 taon o higit upang gawin yaon.

Oo kailangan nating magkaroon ng pananampalataya, ngunit hindi natin makakayang simulan ang gawain at hindi natin naihanda ang materyal na kakailangan depende na may darating sa gitna. Ito ay maaring dumating ngunit paano kung ito'y hindi dumating, ano ang iyong gagawin sa gayon? Ganon din iwasang bilangin ang mga sisiw sa mga itlog sapagkat sila'y hindi pa napipisa. Hindi mo maipagbibili ang mga sisiw na nasa mga itlog pa at tanggapin ang salapi at gastusin ito ngunit ang mga itlog ay hindi pa napipisa. Paano kung ang mga itlog ay hindi mapisa. pagkatapos ano ang iyong gagawin?

Mula sa bansa na aking pinagmulan mula sa kanilang sinabi, 'kung hindi mo inilgay sa iyong bibig at nilasahan huwag mong sabihing linga.' Sa pagiging asin ng lupa, ikaw nasa ilalim ng tampulan at sa mata ng mga tao nasa iyo, tinitingnan kung paano mo isinasagawa ang iyong gawain at sila'y magpapatuloy upang sundan ka upang makita kung tinatapos mo. Oo, kailangan mong ilapat ang pundasyon at kailangan mong tapusin kung ako ang iyong nasimulan. Ang ganoon ay magiging isang masamang halimbawa ng pagiging asin ng lupa, at ang mga tao ay magsisimulang kutyain ka at tawanan ka, "29 Baka kung mailagay na niya ang patibayan, at hindi matapos, ang lahat ng mga makakita ay mangagpasimulang siya'y libakin, 30 Na sabihin, Nagpasimula ang taong ito na magtayo, at hindi nakayang tapusin." (Lucas 14:29-30) Anuman ang inilgay ni Cristo sa ating isip upang gawin, kailangan nating simulan at kailangang tapusin. Ang ating pagunlad at ang ating pagpapatuloy ay isang tanda ng pagiging tunay. Marami sila'y nagsimulang mainit at matatag, sa gitna ng daan dahil ito ay isang mahabang paglalakbay o paglaban o kawalan ng mapagkukunan, sila nagiging malamig, sila'y tumatalikod at pumunta sa ibang bahagi ng mundo upang pasayahin ang kanilang buhay iniwan ang kanilang pananagutan sa iba. Kaya dito ang katangian ng pagtitiis ay mahalaga para sa mga alagad ni Jesus upang maging asin ng lupa. Ang paglipad ng ideya, madaling pagkagambala, at palaging pagbabago ng saloobin at wala at hindi pagkakapare-pareho ng pagkilos ay ang katangian ng isang baliw na tao. Ito ay hindi dapat maging katangian ng mga alagad ni Jesus upang maging asin ng lupa. Tinawag ni JesuCristo ang atensyon ng kanyang mga alagad tungkol sa kung paanong sila'y dapat mamuhay. Ang tanong ay kung paanong mararamdam ng mundo ang presensya ni Jesus kung kinalimutan ng mga disipolo at ilapat ang Kanyang mga katuruan. Ang katulad ng asin kung ito ay nawalan ng kanyang kaalatan, ano pa ang magiging gamit nito! At ano ang gamit ng isang disipolo na hindi nalalaman paano magsimula at kung paano tapusin ang kanyang tungkulin. Marami sila'y walang pangitain mula sa Diyos at sila'y nalilito samakatuwid kailangan nilang lumapit sa Diyos sa pagsisisi at tanungin Siya kung ano ang kailangan nilang gawin para sa Kanya.

"31 O aling hari, na kung sasalubong sa pakikidigma sa ibang hari, ay hindi muna uupo at sasangguni kung makahaharap siya na may sangpung libo sa dumarating na laban sa kaniya na may dalawangpung libo? 32 O kung hindi, samantalang malayo pa ang isa, ay magsusugo siya ng isang sugo, at hihilingin ang mga kailangan sa pagkakasundo." (Lucas 14:31-32) Dito ang disipolo ni Jesus kailangan nilang maging mga mandirigma at nasa ilalim ng nga taktika ng pakikidigma. Bakit? Ito ay hindi sapat upang magtayo? Hindi, sapagkat kailangan nating magtayo at kailangan nating lumaban ng mabuting laban. Ilan sa mga tao, sila'y nagsabi gusto lamang naming magtayo ngunit ayw naming mapasama sa mga kaguluhan o labanan ngunit yaon ay wala sa Bibliya; bilang mga alagad ni Jesus ay dapat makilala nating ang kaaway, ang diablo at ang mga nalinlang niya at ginamit niya. Si Jesus ay Hari at ang Messiah at sa pagsasaka Niya tayo ay

nagpapahayag ng digmaan laban sa kapangyarihan ng kadiliman. Kaya kailangan nating magkaroon ng karunungan kung paano harapin ang mga kaaway. Bawat pakikibaka ito ay may tiyak na mahusay na paraan na hindi kagaya sa ibang mga labanan at kailangan nating malaman kung ano ang ating gagawin. Ang Bibliya ay nagsasalita tungkol sa maraming pamamaraan para sa labanan at maari nating matutunan kung paano umangat, upang manalo, at upang manakop habang tayo'y pinapangunahan ng Banal na Espiritu at inutusan ng Salita ng Diyos. Ito ang mahusay na paraan para sa laban ng Jerico, isang mahusay na pamamaraan para sa labanan ng Ai, isang mahusay na pamamaraan upang kunin ang Jerusalem, ang mahusay na pamamaraan na nilabanan ni Jehoshapat laban sa tatlong mga sundalo at mahusay na pamamaraan para sa simbahan, ang mga disipolo at ang mga apostoles na nauna sa Salita ng Diyos sa pag-abot sa nawala.

Kailangan nating maging matapang, maging tapat hanggang sa huli, pagtitiwala sa Diyos na hindi Niya tayo iiwanan o pababayaan tayo sa panahon ng mga kaguluhan. Ang katapatan ay kinakailangan upang mabuo ang gawain at itayo hanggang sa huli kahit na tayo ay naiwang nagiisa. Ngunit ating din matutunang dito na dapat tayong magkaroon ng kababaang loob lalo na kung matuklasan nating ang ating mga sarili na hindi handa para sa labanan, sa gayon, maari nating kailanganin na magpadala ng lupong ng tagakatawan at hingin ang kondisyon ng kapayapaan. Kailangan nito ang kababaang loob para kapag nalaman natin yaon hindi natin kaya at kung ang ating desiyon ay mali sa gayon kailangan nating maging handa upang baguhin ang ating desisyon upang maiwasang ilagay ang ating mga sarili sa mga kaguluhan.

Paano natin malalaman na maging tayo man ay nasa posisyon o wala sa posisyon upang lumaban? Ating binasa "na hindi muna uupo at sasangguni" ,kaya muli kailangan mong umupo, tumigil kumilos ng iyong mga paa, ngunit magisip at hingin ang sangguni, hinggin ang payo at hinggin ang mga detalye upang maari mong maabot ang tamang desisyon. Ang pangsangguni ay kailangang upang hinggin mula sa mga eksperto sa paksa upang ibigay ang kanilang opinyon at mula sa mga espirituwal, ang mga kapatiran na nasa pasanin ng gawain ng Panginoon at nabubuhay ng kanilang buhay para sa Kanya. Sa talinghagang ito ng digmaan ng laban sa isang sundalo ng isang hari, mayrooong maraming balakid na mga bagay, samakatuwid kailangan mong hinggin ang sangguni mula sa Diyos at mula sa mga may takot sa Diyos at sa mga tagasunod ng Diyos. Kapag kailangan mong hinggin ang isang payo ng Diyos, sa gayon kailangang mong lumapit sa simbahan at hinggin ang payo mula sa simbahan.

"33 Kaya nga sinoman sa inyo na hindi tumanggi sa lahat niyang tinatangkilik, ay di maaaring maging alagad ko." (Lucas 14:33) Ano ang ibig Niyang sabihin dito na tanggihan ang lahat ng bagay ay upang tanggihan ang pagmamalaki, pagkamakasarili, ambisyon, pagmamadali, kamunduhan, mga pakikipagkaibigan, mga idolo, at anuman na hahadlang sa atin upang sumunod sa Kanya at maging asin ng lupa sa iba. Ang asin ng lupa ay dapat maging handa na tanggapin ang kanyang pagkakamali at maging mabilis upang baguhin ang kanyang desisyon kapag kanyang nalaman na siya ay nagkamali, at dapat siyang maging magpakumbaba upang tanggapin ang paghingi ng tawad at upang ipahayag na baguhin ang kanyang desisyon kapag kanyang natuklasan na siya ay mali.

"33 Kaya nga sinoman sa inyo na hindi tumanggi sa lahat niyang tinatangkilik, ay di maaaring maging alagad ko." (Lucas 14:33) Kailangan nating baguhin ang ating pagiisip mula sa lebel ng personal na buhay , at itakda ang ating isip ayon sa kung ano ang kasalukuyang nasa isip ng Tagapagligtas. Tiyak, hindi natin mauunawaan ng lubos kung ano ang nasa isip ng Diyos. Ngunit, sa pagsaalang alang sa personal na pananaw na ibinigay ni Jesus sa lahat ng Kanyang mga disipolo, mauunawaan natin ito kung isusuko natin ang lahat, magisip sa pamamagitan ng Kanyang isip at makita sa pamamagitan Kanyang mga mata kung ano ang iplinano Niya para sa bawa't isa sa atin. Sinabi ni Jesus, "34 Mabuti nga ang asin: datapuwa't kung ang asin ay tumabang, ay ano ang ipagpapaalat? 35 Walang kabuluhang maging sa lupa kahit sa tapunan man ng dumi: itinatapon sa labas. Ang may mga pakinig upang ipakinig, ay makinig" (Lucas 14:34-35)

Sa aking mahal at minamahal: Pagnilayan ang mensahe ng Diyos sa iyong buhay at maging handa upang gawin ang sumusunod:

1. Upang magdusa para kay Cristo, upang tanggihan ang pangkultura at mga relihiyosong tradisyonal na mga kasanayan, upang ibigin ang Diyos ng higit sa iyong asawa, mga anak, mga kapatid, o mga kamaganakan.
2. Upang magplano, upang bilangin ang gastos, upang maging handa na makamit ang malaking proyekto, upang buuin ang gawain, upang iwasan ang panghihiram o nasa pagkakautang, upang ihanda ang lahat bago simulan ang gawain.
3. Upang makuha ang payo mula sa makaDiyos na simbahan, upang magpakumbaba at hinggin ang kapatawaran kung ikaw ay nagkasala, at maging handa upang baguhin ang iyong plano kung iyong natuklasan na ikaw nasa kamalian.

Ang aking panalangin: Amang Diyos ako ay lumalapit sa harapan mo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay mula sa kamatayan noong ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat sa iyong Salita na nagawa kong makita na malinaw ang aking mga kasalanan at ang aking maling mga ginawa, at ang paraan na kailangang isabuhay at maglingkod sayo upang maging asin ng lupa.

Ipagtapat sa Diyos ang iyong mga kasalanan at talikuran ang mga ito. Hinggin sa Diyos ang iyong pagmamalaki, ang iyong kamunduhan, ang iyong walang kahandaan upang magdusa, ang iyong walang kahandaan para masaktan ang mga kasapi ng iyong pamilya at piniling ibigin sila at palayawin sila sa pananagutan ng iyong pagibig at pagsunod kay Cristo. Hinggin sa Diyos ang kapatawaran para sa iyong kawalan ng pangangasiwa at maling paghawak ng pinagkukunan ng salapi. Hinggin sa Diyos ang para sa iyong kawalan ng kababaang loob at walang kagustuhang magpakumbaba at baguhin ang iyong mga paraan kahit na ikaw ay mali o kapag ikaw ay nagkamaling gumawa ng desisyon.

Ipagtapat ang iyong mga kasalanan sa Diyos. Panginoon patawarin mo ako sa sumusunod na mga kasalanan.

Isuko ang iyong buhay at iyong buong kalooban sa Panginoon sa pagsunod sa Kanyang Salita ng Diyos upang maging asin at tunay na disipolo ni Jesus sa paraang nais Niyang maging ka.

Panginoon aking ipinapangko ang aking sarili upang sumunod sa iyong Salitang ito na aking tinanggap sa mensaheng ito at upang sundin ito. Panginoon aking ipinapangko ang aking sarili upang ibigin ka ng higit kaysa sinuman ng aking pamilya. Panginoon ako'y handa upang madisiplina at maging handa upang makamit ang proyekto na nais mong gawin ko. Panginoon ako'y handa upang magpakumbaba at tanggapin upang baguhin ang maling mga paraan at maling mga plano at maghintay sayo upang pangunahan ako sa iyong tamang direksyon. Panginoon ako'y makikipagtrabaho kasama mo upang buuin ang bunga ng Banal na Espiritu; pagibig, kagalakan, kapayapaan, kaamuhan, kabutihan, kahinahunan, mahabang pagtitiis, pagpipigil sa sarili, pananampalataya, katapatan, kaamuhan, kabutihan, at pagkabukas palad. Panginoon bigyan mo ako ng kalakasan at kahinahunan upang batahin ang sakit at pagdurusa habang ako'y naglilingkod sayo at inaabot ang iba. Panginoon punuin ako ng iyong Banal na Espiritu upang ako'y makapunta at maglingkod sayo at magebanghelyo at abutin ang iba at ikalat ang iyong Salita at turuan ang mga payag at idisipolo sila.

Panginoon, aking ipinapanalangin ang aking mga kapatid na Lalake at Babae na nagpakumbaba, tinanggap ang iyong Salita at handang mabuhay ng kanilang buhay at panglingkuran ka sa paraan na itinalaga mo para sa kanila, Panginoon protektahan mo sila at tustusan ang lahat ng kanilang pangangailangan. Panginoon gumawa ka ng mga himala para sa kanila at makayanan nilang kamitin ang mga proyekto na iyong itinalaga para sa kanila upang gawin.

Panginoon pagpalain kami, at panatilihin kami bilang simbahan. Panginoon tulungan kami, protektahan kami, at ibigay ang para sa amin upang magpatuloy sa paglilingkod sayo at gawin ang iyong gawain at ang iyong kalooban. Panginoon bigyan kami ng higit ng kaloob ng Banal na Espiritu upang maging handa upang magebanghelyo at abutin ang bagong mga tao ng iyong Mabuting Balita ni JesuCristo at ng mensahe ng Salita ng Diyos. Panginoon, kami'y nananalangin na makayanin naming magtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi ang mesahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.